[13] Nang araw ding iyon,
may dalawang alagad
na naglalakad papuntang Emaus,
isang nayong may labing-isang kilometro ang layo
mula sa Jerusalem.
[14] Pinag-uusapan nila ang mga pangyayari.
[15] Habang sila'y nag-uusap,
lumapit si Jesus
at nakisabay sa kanila,
[16] ngunit siya'y hindi nila nakilala
na para bang natatakpan
ang kanilang mga mata.
[17] Tinanong sila ni Jesus,
"Ano ba ang pinag-uusapan ninyo?"

Tumigil silang nalulumbay,
at [18] sinabi ng isa sa kanila
na nagngangalang Cleopas,
"Ikaw lamang yata ang dayuhan sa Jerusalem
na hindi nakakaalam sa mga pangyayaring
katatapos lamang maganap doon."

[19] "Anong mga pangyayari?"
tanong niya.

Sumagot sila,
"Tungkol kay Jesus na taga-Nazaret,
isang propetang makapangyarihan
sa salita at gawa
maging sa harap ng Diyos at ng mga tao.
[20] Isinakdal siya
ng aming mga punong pari
at mga pinuno ng bayan
upang mahatulang mamatay,
at siya'y ipinako sa krus.
[21] Siya pa naman ang inaasahan naming
magpapalaya sa Israel.
Hindi lamang iyan.
Ikatlong araw na ngayon
mula nang mangyari ito.
[22] Nabigla kami sa ibinalita
ng ilan sa mga babaing kasamahan namin.
Maagang-maaga raw silang nagpunta
sa libingan
[23] at hindi nila natagpuan
ang kanyang bangkay.

Nagbalik sila
at ang sabi'y nakakita raw sila ng isang pangitain,
mga anghel na nagsabing
si Jesus ay buháy.
24 Pumunta rin sa libingan
ang ilan sa mga kasama namin
at ganoon nga ang natagpuan nila,
ngunit hindi nila nakita
si Jesus."

25 Sinabi sa kanila ni Jesus,
"Kay hahangal ninyo!
Kay kukupad ninyong maniwala
sa lahat ng sinasabi ng mga propeta!
26 Hindi ba't kailangang
ang Cristo ay magtiis ng lahat ng ito
bago siya pumasok sa kanyang kaluwalhatian?"
27 At ipinaliwanag sa kanila ni Jesus
ang lahat ng sinasabi sa Kasulatan
tungkol sa kanya,
simula sa mga aklat ni Moises
hanggang sa mga sinulat
ng mga propeta.

28 Malapit na sila sa nayong kanilang pupuntahan
at si Jesus ay parang magpapatuloy pa
sa paglakad,
29 ngunit siya'y pinigil nila.
"Tumuloy ka muna rito sa amin.
Palubog na ang araw at dumidilim na,"
sabi nila.
Kaya't sumama nga siya sa kanila.
30 Nang siya'y kasalo na nila sa pagkain,
dumampot siya ng tinapay
at nagpasalamat sa Diyos;
pagkatapos, pinagpira-piraso iyon
at ibinigay sa kanila.
31 Noon nabuksan ang kanilang mga mata
at nakilala nila si Jesus,
subalit siya'y biglang nawala
sa kanilang paningin.
32 Nasabi nila sa isa't isa,
"Kaya pala nag-aalab
ang ating puso
habang tayo'y kinakausap niya sa daan

at ipinapaliwanag sa atin
ang mga Kasulatan!”

33 Agad silang tumayo
at nagbalik sa Jerusalem.
Naratnan nilang nagkakatipon doon
ang labing-isa
at ang ibang kasamahan nila.
34 Sinabi ng mga ito sa dalawa,
“Totoo nga palang muling nabuhay ang Panginoon!
Nagpakita siya kay Simon!”
35 At isinalaysay naman ng dalawa
ang nangyari sa daan
at kung paano nila nakilala si Jesus
nang paghati-hatiin nito ang tinapay.